Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2022 SA GANAP NA IKA-09:48 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME R. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 41 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNUMBAYAN ROLANDO G. UBATAY NA MATAYUAN NG IKATLONG PALAPAG ANG GUSALING MGGL. BENJAMIN E. AGARAO SR. UPANG MAGAMIT NA BULWAGANG PULUNGAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN**

Akda ni: **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** lubhang masikip ang kasalukuyang Silid Pulungan ng Kgg. Sangguniang Bayan dahil na rin sa dami ng taong nagtutungo tuwing sesyon;

**SAPAGKAT,** kung magagawang Silid Pulungan ang ibabaw ng Gusaling Benjamin E. Agarao Sr. ay magiging kumbinyente ang bumubuo ng Kgg. Sangguniang Bayan tuwing sesyon;

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon ng katuparan ang kahilingan, ang kasalukuyang pinagdadausan ng pangkaraniwang pulong ay malalagyan ng cubicle para sa mga Kagawad ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** kung mabububungan at malalagyan ng ikaltong palapag ang ibabaw ng Gusaling Mggl. Benjamin E. Agarao Sr. ay maiiwasan ang pagtigil dito ng tubig-ulan na nagiging sanhi ng pagbabaha sa ibabang bahagi ng gusali;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.** na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin sa Kgg. Punumbayan Rolando G. Ubatay na matayuan ang ikatlong palapag ng gusaling Mggl. Benjamin E. Agarao Sr. upang magamit na Bulwagang Pulungan ng Kgg. Sangguniang Bayan.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-01 ng Agosto, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt080122res41*